

# **Mga Bakuna sa COVID-19 para sa Mga Batang Edad 6 na buwan - 4 na taong gulang**

**LUNGSOD AT LALAWIGAN NG SAN FRANCISCO**

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng SF


*Hunyo 2022*

# **Katayuan ng COVID-19 sa San Francisco**


- Mga Nao-ospital
- Mga Kaso
- Mga Bakuna



# Kasalukuyang katayuan ng mga nagpapaospital sa COVID-19 sa SF




# Kasalukuyang katayuan ng mga kaso ng COVID-19 sa SF



## Mga Pagbabakuna

- Ang mga bakuna ang pinakamabisang paraan para mabawasan ang panganib ng COVID-19, kabilang ang mga variant ng Omicron
- Ipinakikita ng pananaliksik na ang mga kasalukuyang bakuna ay lubos na epektibo sa pagpigil sa malalang impeksiyon at kamatayan
  - Ang pagbabakuna ay nagpababa ng panganib ng malubhang COVID-19 ng 79%
- Ang mga residente ng SF ay nabakunahan sa ilan sa pinakamataas na bilang sa bansa
  - Ang SF ay huwaran sa Estados Unidos
- Ang magandang balita ay ang 88% ng karapat-dapat na populasyon ng SF ay ganap ng nabakunahan

### Mga Bakuna sa COVID-19



## Mga Bakuna sa COVID-19 para sa Kabataan na Edad 5-11

- Ang mga batang edad 5-11 ay naging kwalipikado para sa mga bakuna noong Nobyembre 2021
- Para sa mga batang edad 5-11, 75% ay nakumpleto na ang kanilang pangunahing serye ng bakuna sa San Francisco

Walang paraan upang malaman kung paano makakaapekto ang covid sa iyong anak, ngunit alam naming na ang mga bakuna ay makakatulong na protektahan sila mula sa matinding sa, pagpapospital, at kamatayan

**Maraming Salamat sa mga bata sa SF at kanilang mga pamilya para sa pagpapabakuna!**

## Ang mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay malapit na din makatanggap ng bakuna sa COVID-19!

- Ang mga bakuna para sa 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay inaasahang maibibigay sa **huling bahagi ng Hunyo 2022** pagkatapos ng ACIP, CDC, at CDPH/Western States Scientific Safety Review Review




## Ang Bakuna sa COVID-19 ay dito

Ngayon ay ikaw naman



# Proseso at Timeline ng Pagiging Kwalipikado ng Pediatric para sa 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang



## Mga Lugar ng Pediatric sa SF na maaakses ang Bakuna

<b>Mga Pediatrician</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Ang doctor ng iyong anak</li></ul>	<b>Mga botika</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Ang mga botika ay maaari lamang magbakuna ng 3 at mas matanda<ul style="list-style-type: none"><li>• Ilang Walgreens</li><li>• Isang CVS</li></ul></li><li>• Isang lokal na botika –Mission Wellness</li></ul>	<b>Mga Klinika sa Komunidad/Mga Lugar ng Kapitbahayan</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• Limitado</li></ul>	<b>Mga Sistemang Pangkalusugan</b> <ul style="list-style-type: none"><li>• SF Health Network</li><li>• Dignity</li><li>• Kaiser Permanente</li><li>• Sutter</li><li>• UCSF</li></ul>
--	--	--	--

**Mga bakuna sa covid-19  
para sa mga bata na  
Edad 6 na buwan hanggang  
4 na taong gulang**

# Mga bakuna sa covid-19

---

Ang mga bakuna ay mahalagang kasangkapan na ginagamit sa ating lipunan upang maprotektahan laban sa sakit, pagpapa-ospital at kamatayan.

---

Mayroon din silang karaniwang FDA at CDC na mahigpit at malinaw na pagsusuri para sa kaligtasan at bisa ng mga bakuna bago ito aprubahan.

---

Kasama sa mga klinikal na pagsubok sa pediatric ang mahigit 1,600 na mga bata (Pfizer) na may edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang at 6,700 na mga bata (Moderna) na may edad 6 na buwan hanggang 5 taong gulang sa buong bansa sa loob ng ilang buwan, kasama ang taon na ito sa mga variant ng Omicron.



# Makukuha na ang mga Bakuna sa COVID-19

## Awtorisado at inirerekomendang mga bakuna

Currently, three vaccines are authorized and recommended in the United States to prevent COVID-19:

Pfizer-BioNTech available for 5 and up **soon to be available for 6 months and up**

Moderna available for 18 and up, **soon to be available for 6 months and up**

Johnson & Johnson / Janssen available for 18 and up



## Ang mga bakuna ng Pfizer sa edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang

Ang mga batang may edad na 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay makakatanggap ng 3mcg ng Pfizer na bakuna

Ang mga bata ay makakatanggap ng 3 dosis ng bakuna. Ang pagitan ng una at pangalawang dosis ay 3 linggo ang pagitan at sa pagitan ng pangalawa at ikatlong dosis ay 8 linggo ang pagitan

Para sa karamihan ng mga batang wala pang 3 taong gulang, ang lugar ng pag-iniksyon ay ang gilid ng hita

Para sa karamihan ng mga bata na higit sa 3 taong gulang, ang lugar ng pag-iniksyon ay ang gilid ng braso

Ang mga bakuna para sa bata ay dadalhin sa magkahiwalay na mga maliit na bote kasama ang lahat na mga gamit na kailangan, kabilang ang mga mas maliliit na karayom para sa mga bata

## Ang bakuna na Moderna para sa edad na 6 na buwan hanggang 5 taong gulang

Ang mga batang may edad 6 na buwan hanggang 5 taong gulang ay makakatanggap ng 25mcg ng Moderna na bakuna.

Ang mga bata ay makakatanggap ng 2 dosis ng bakuna, 4 na linggo ang pagitan sa isa't isa.

Para sa karamihan ng mga batang wala pang 3 taong gulang, ang lugar ng pag-iniksyon ay ang gilid ng hita

Para sa karamihan ng mga bata na higit sa 3 taong gulang, ang lugar ng pag-iniksyon ay ang gilid ng braso

Ang mga bakuna para sa bata ay dadalhin sa magkahiwalay na mga maliit na bote kasama ang lahat na mga gamit na kailangan, kabilang ang mga mas maliliit na karayom para sa mga bata

# Ang mga bakuna ay Epektibo

- Ipinapakita ng mga resulta na ang mga benepisyo ng pagpapabakuna sa mga bata ay mas malaki kaysa sa mga panganib ng mga posibleng epekto
- Ang bakuna ay mabisa para maiwasan ang sakit sa mga bata
  - Ang Pfizer ay 80% epektibo para sa pag-iwas sa sakit sa mga bata
  - Ang Moderna ay 51% (edad 6 na buwan-2 taong gulang) at 37% (edad 2-6 taong gulang) mabisa para sa pag-iwas sa sakit sa mga bata
- Walang mga kaso ng malubhang COVID sa mga klinikal na pagsusuri
- Katulad ang antas ng proteksyon para sa mga bata bilang matatanda



## Ligtas ang mga bakuna

- 🔗 Walang nakikitang bago o hindi inaasahang epekto kumpara sa mga pagbabakuna sa ibang mga grupo ng edad
- 🔗 Karamihan sa mga epekto ay medyo maliit
  - Ang pinaka-karaniwan ay ang pananakit ng braso, pagkapagod, at sakit ng ulo
- 🔗 Ang matinding reaksiyon ay bihira
- 🔗 **HINDI PWEDENG** magdulot ng COVID-19 ang mga bakuna dahil walang buhay na virus sa alinman sa mga bakuna

### Mga Karaniwang Epekto

- **Sakit sa lugar ng iniksyon**
- **Pagkapagod**
- **Sakit ng ulo**
- **Namamaga na mga kulani**
- **Lagnat o panginginginig**
- **Pagduduwal**
- **Pananakit ng kalamnan**

# Myocarditis & Pericarditis

Ano ang myocarditis and pericarditis?

- 🔗 Bihirang kondisyon na nagdudulot ng pamamaga ng kalamnan ng puso at nakapaligid na tissue

Kung hindi ka pa **NABAKUNAHAN**

Napakabihirang epekto sa pagbabakuna

- 🔗 Natagpuan sa ilang mga lalaki na may edad 12-15 taong gulang pagkatapos ng bakuna
- 🔗 Ang ganap na paggaling ay tipikal sa simpleng gamutan
- 🔗 Mas mababa sa 5-11 kaysa sa 12-15 taong gulang na lalaki

Mas malala ang panganib sa puso mula sa impeksyon sa COVID-19 kaysa sa pagbabakuna

Makipag-usap sa iyong doktor kung mayroon kang mga alalahanin

- 🔗 Ang lahat ng mga gamot at bakuna ay may ilang panganib at mga epekto
- 🔗 Matutulungan ng mga doktor ang mga pasyente sa isipin ng mga panganib

## Sino ang hindi dapat magpabakuna

Mga dahilan para hindi mabakunahan ang iyong anak:

- ❌ Hindi sapat ang edad para mabakunahan
- ❌ Magkaroon ng matinding reaksiyon o anaphylaxis sa unang dosis ng bakuna
- ❌ Kumonsulta ka sa doktor ng iyong anak at sasabihin nila sa iyo na may medikal na dahilan ang iyong anak para hindi makakuha ng bakuna

Makipag-usap sa doktor ng iyong anak bago makuha ang bakuna kung ang iyong anak ay:

- ❌ Umiinom ng mga gamot na pumipigil sa immune system
- ❌ May kasaysayan ng matinding reaksiyon na anaphylaxis sa isa pang bakuna o itinuturok na gamot



**Magandang maidudulot ng  
Pagbabakuna sa Iyong  
Anak**

## Ang pagpapabakuna ay nagpoprotekta sa buong sambahayan



Ang Pagbabakuna sa mga karapat-dapat na bata at sa mga miyembro ng sambahayan ay makakatulong na mabawasan ang mga kaso sa mga sanggol at sa komunidad

## Mga Benepisyong Buong Pagbabakuna

- Ang pagkuha ng bakuna ay LIBRE
- Buuin ang proteksyon ng iyong anak laban sa COVID-19
  - Mas kaunting pagkakataon na mapahiwalay sa bahay at sa pangangalaga sa bata at paaralan
- Mabawasan ang mga kaso ng COVID-19, matinding impeksyon, pagpapaospital at mga namamatay
- Mapigilan ang pagkalat ng COVID-19
- Magsimula ng gumawa ng higit pang mga aktibidad bago ang pandemya:
  - **Manatili sa pangangalaga ng bata at paaralan!**
  - Magbakasyon nang ligtas hangga't maaari
  - Ipagpatuloy ang mga aktibidad nang ligtas – pagbisita sa mga lolo't lola, maki-tulog, mga kasiyahan, kompetisyon, at higit pa
  - At iba pa.....

### Benepisyong mga Bakuna sa COVID-19

**Palakasin ang immune system**

**Protektahan ka sa matinding sakit at komplikasyon**

**Pababain ang panganib na maospital**

## Paghahanda sa iyong anak para sa pagpapabakuna

- 🔗 Dalhin ang paboritong laruan, libro, o kumot ng iyong anak upang aliwin sila sa oras ng pagpapabakuna.
- 🔗 Maging tapat sa iyong anak. Ipaliwanag na ang mga turok ay maaaring masakit, ngunit hindi ito magtatagal.
- 🔗 Himukin ang ibang miyembro ng pamilya, lalo na ang mga nakatatandang kapatid, upang suportahan ang iyong anak.
- 🔗 **Iwasang** magkwento ng mga nakakatakot o pagbabanta tungkol sa mga turok.
- 🔗 **Magdala ng mga tahimik na aktibidad upang aliwin ang iyong anak sa loob na kinakailangang 15 minutong pago-observa – mga aklat na kinukulayan, musika, pelikula, atbp.**
- 🔗 Paalalahanan ang iyong anak na mapapanatili silang malusog ng mga bakuna – ito ay mabuti!

## Magsimula sa doktor ng iyong anak

- Magtanong tungkol sa mga bakuna sa COVID-19 at iba pang inirerekomendang bakuna at pisikal na pagsusuri para sa iyong anak

Para sa malusog na pag-unlad, mahalaga para sa mga bata na makakuha ng regular na mga pisikal AT pagbabakuna!

Kinakailangan ang mga bakuna/Pisikal para sa pagpasok sa childcare at paaralan (at ilang palaro)

Makatipid ng oras at kunin ang iyong bakuna sa COVID AT mga regular na pagbabakuna sa parehong appointment!

Maaari mong sabihin ang mga alalahanin na mayroon ka tungkol sa kalusugan ng iyong anak sa kanilang doktor

**TIP: Mag-iskedyul ng appointment ng iyong anak NGAYON, bago ang pagbabalik sa paaralan!**





# Maraming Salamat.

Mga Tanong?